# 2024 Mga Inerekomendang Tanong ukol sa Pag-amyenda ng Karta

**Tanong sa Karta #1 (RESOLUSYON 23-162 CD1):**
“Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para hilingin na magtalaga ang Konseho ng Lungsod, nang hindi naman isasabay ang pagtaas ng buwis ng mga lupain at gusali para pondohan ang layuning ito, ng kalahati ng isang porsiyento ng nakalkulang taunang kita mula sa buwis ng mga lupain at gusali ng Lungsod, na idedeposito sa Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima, na ang layunin ay suportahan ang mga pagsisikap at proyekto upang bawasan ang epekto ng pagbabago ng klima, patatagin ang imprastraktura at komunidad ng Lungsod, at itaguyod ang mga mabubuting kaugalian?”

**Tanong sa Karta #2 (RESOLUSYON 23-239 CD1, FD1):**
“Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para itakda ang Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya bilang bukod na ahensiya ng Ehekutibong Sangay ng Lungsod sa pamamagitan ng pagtatalaga sa Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya ng isang hiwalay na kabanata sa Karta ng Lungsod katulad ng mga kabanata na naitalaga para sa iba pang mga departamento ng Lungsod; upang ipakita na ang lahat ng posisyon sa Departamento ng Paghahanda at Pagresponde sa Emerhensiya, kabilang ang kaniyang Direktor at Katulong na Direktor, ay sakop ng mga batas ng serbisyo sibil; at upang espesipikong banggitin ang mga minimum level ng kuwalipikasyon para sa posisyon ng serbisyo sibil ng Direktor ng Emergency Management, na may karagdagang minimum na kuwalipikasyon na matutukoy ayon sa mga batas ng serbisyo sibil?"

**Tanong sa Karta #3 (RESOLUSYON 24-050 FD1):**
"Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para magtatag ng Komisyon ng Kaligtasan sa Karagatan upang repasuhin at gumawa ng mga rekomendasyon sa mga partikular na gawain ng Departamento ng Kaligtasan sa Karagatan at upang magtalaga ng Hepe ng Kaligtasan sa Karagatan?"

**Tanong sa Karta #4 (RESOLUSYON 24-105 CD1):**
"Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para magtatag ng Komisyon ng Kaligtasan sa Karagatan upang repasuhin at gumawa ng mga rekomendasyon sa mga partikular na gawain ng Departamento ng Kaligtasan sa Karagatan at upang magtalaga ng Hepe ng Kaligtasan sa Karagatan?"